REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

KAPASIYAHAN BILANG 90-158

KAPASIYAHAN NA INIINDORSO NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA ANG PAGPAPALIT (CONVERSION) NG ISANG LAGAY NA LUPA SA BRANGAY ALABANG NA PAG-AARI NG AYALA LAND, INC. MULA PAMAHAYAN (RESIDENTIAL) NA MAGING PANGKALAKAL (COMMERCIAL) AYON SA PANUNTUNAN NG HOUSING & LAND USE REGULATORY BOARD (HLURB).

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang pagpapalit ng nasabing lagay na lupa mula pamahayan na maging pangkalakal na pag-aari ng Ayala Land, Inc. ay magdudulot ng pagsulong o pag-unlad sa Barangay Alabang at sa kabuuan ng Bayan ng Muntinlupa sa kinabukasan;

SAPAGKAT, magdudulot ito ng karagdagang kita sa kabang-yaman ng pamahalaang bayan na magmumula sa buwis na babayaran;

SAPAGKAT, ang isinagawang pagpapalit ay ayon sa kahilingan ng Housing and Land Use Regulatory Board para sa kapakanan ng pamahalaang bayan;

SAPAGKAT, ang nabanggit na lagay na lupa na pag-aari ng Ayala Land, Inc. ay may kalakip na mahahalagang mga dokumento na sumusuporta dito tulad ng: pagpahayag ng buwis (tax declaration), balak na planong pagpapaunlad (conceptual development plan), mapa ng paligid (vicinity map) at ang titulo ng ari-arian (title of property);

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan na iindorso ang pagpapalit ng isang lagay na lupa sa Barangay Alabang, Muntinlupa na pag-aari ng Ayala Land, Inc. mula pamahayan na maging pangkalakal ayon sa panuntunan ng Housing and Land Use Regulatory Board at pinagpasiyahan pang muli na bigyan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Ayala Land, Inc. at ang HLURB.

PINAGTIBAY ng buong pagkakaisa ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang-isang daan at dalawampu't isang (121st) regular na pagpupulong na ginanap noong Setyembre 3, 1990.

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan/Pangulong Opisyal

Mggl. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pang. Pangulong Opisyal

Kgg. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

Kgg. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**



Kgg. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

Kgg. REY E. BULAY
Konsehal

Kgg. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

Kgg. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

Kgg. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

Kgg. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

Kgg. ROGER C. SMITH
Konsehal

Kgg. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

Kgg. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN:

Mggl. RAUL R. CORRO
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY: Setyembre 3, 1990